ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

FORMULATING SENTENCE EXERCISES: PAGHAHASA SA KANASAYAN SA PAGBUO NG ANGKOP NA PANGUNGUSAP SA IKA-8 BAITANG

Conie B. Cerna [1], Mea Julyca C. Pilapil [2], Margielyn P. Sardoma [3]
[1]*ORCID No.: 0009-0008-1170-3234*
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines
[2]*ORCID No.: 0009-0008-2124-3294*
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines
[31]*ORCID No.: 0009-0001-7941-7743*
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22596
DOI No: 10.36713/epra22596

ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang mga epektibong estratehiya at mga interbensyong makatutulong upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap sa paggawa ng pangungusap sa mga mag-aaral ng ikawalong baitang. Ang pag-aaral na ito ay isang experimental research na gumagamit ng disenyong investigative approach na naglalayong matukoy kung may epekto ang ginamit na interbensyon sa mga suliraning kinakaharp ng mga nasa ika-8 na baitang sa paggawa ng pangungusap at masuri ang kanilang pag-unlad batay sa resulta ng pre-test at post-test. Batay sa naging resulta sa pag-aaral, ito ay nagpapahiwatig na higit na makabuluhan at may positibong epekto ang interbensyon o pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng mga pangungup, $t\ (26) = 13.554$, $p < .001$. Ang paggamit ng interaktibo at nakakaenganyong aktibidad katulad ng spelling at pagkilala sa malalabong salita, tamang baybay, tamang pangungusap, game, ako'y gamitin mo sa tamang bantas, guhit-bantas, akoy suriin, titik ayusin, tama o mali sa malalaking titik, paggamit ng sentence starters, emosyon ko, Ilarawan mo!, larawan ko, Ilarawan mo!, ako'y buoin, at sa talata gamitin! ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral upang mapatibay at mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggawa ng pangungusap. Maaaring isaalang-alang ng mga tagapagturo ang paglalaan sa karagdagang atensyon sa pagpapabuti ng organisasyon, nilalaman, bokabolaryo, mekaniks partikular na sa bantas; kapitalisasyon, at pamamaraan kabilang wikang ginamit ng mga mag-aaral sa paggawa ng pangungusap sa pamamagitan ng iba't-ibang interbensyon na angkop sa mga mag-aaral. Ang mga sumusunod ay idinadag: (1) Datos at pamamaraan; at (2) Mga karagdagang natuklasan.

SUSING SALITA: *Pangungusap, Interbensyon, Interaktibong estratehiya, Pre-test, Post-test, Kasanayan, Ika-8 baitang, Philippines.*

INTRODUKSYON

Ang aksiyong pananaliksik na ito ay tumutukoy sa suliranin ng mga mag-aaral sa Ika-8 Baitang na may kahirapan sa pagbuo ng malinaw, angkop at lohikong pangungusap, kaya naman, isinagawa ang interbensyong *Formulating Sentence Exercises* upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Ayon kay Bryson (2020), ang makabuluhang mga gawain ay nakatutulong sa paghubog ng estruktura, lohika, at pag-iisip na mahalaga sa mabisang pagsulat. Samantala, binigyang-diin ni Lieven (2021) na sa pananaw ng konstruktibismong pagkatuto ng wika, ang mga mag-aaral ay nakabubuo ng estruktura ng pangungusap batay sa panlipunang-kognitibong karanasan at pagkakalantad sa wika. Dagdag pa rito, ipinaliwanag nina Munawarah et al. (2024) na sa paggamit ng mga aktibidad, maaaring gawing masigla at makabuluhan ang silid-aralan, na nagreresulta sa mas mataas na kasanayan sa wika at tagumpay sa akademikong larangan.

Sa Thailand, ayon kay Bram (2021), kabilang sa mga pangunahing hadlang ang kakulangan ng pagsasanay sa pagsusulat, limitadong bokabularyo, kahinaan sa balarila, at kawalan ng kumpiyansa sa pagbuo at pag-aayos ng ideya. Bagama't sa Indonesia, ipinahayag ni Floranti (2019) na ang mababang atensyon ng mga guro at estudyante sa pagsulat, limitadong oras ng pagtuturo, at kakulangan sa mga kagamitan ang pangunahing dahilan ng kahinaan sa pagsulat. Samantala, sa Turkey, batay kay Nur Fitria (2020), madalas na suliranin ng mga mag-aaral ang maling baybay, mahinang organisasyon ng ideya, at labis na pag-asa sa estruktura ng katutubong wika. Ipinapakita na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng sapat na tulong pedagogikal upang mapataas ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsusulat.

Sa Zamboanga Peninsula, ipinakita ni Subasman (2020) na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbuo ng malinaw na pangungusap dahil sa kakulangan sa bokabularyo, mababang motibasyon, at limitadong kaalaman sa gramatika. Sa Cagayan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Valley, iniulat ni Joseph (2019) na ang mga mag-aaral ay may mababang kasanayan sa mekaniks ng pagsulat gaya ng maling gamit ng bantas at malaking titik. Dagdag pa rito, hirap din silang isaayos ang mga *idea* sa lohikal na pagkakasunod-sunod. Samantala, sa Tuguegarao, natukoy nina Chen at Yu (2019) na madalas gumamit ng maling gramatika ang mga mag-aaral at may kahinaan sa estruktura ng pangungusap. Kakulangan sa kaalaman sa wika at organisasyon ng konsepto ang pangunahing sanhi. Sa ganitong konteksto, lumilitaw na ang mga suliranin sa pagbuo ng pangungusap ay laganap sa iba't ibang rehiyon at may kaugnayan sa parehong isyu sa gramatika, organisasyon, at kaalaman sa pagsulat.

Sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular sa Magatos Integrated School, napansin na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pag-uugnay ng mga *idea* sa kanilang pagsusulat. Dahil dito, nagiging magulo at hindi organisado ang kanilang mga pangungusap. Ipinapakita ng suliraning ito ang kakulangan sa sapat na pagsasanay at gabay sa pagbuo ng maayos na pahayag. Ang hindi pagkakaroon ng wastong patnubay mula sa guro ay lalo pang nagpapahina sa kanilang kakayahang bumuo ng kumpleto at malikhaing pangungusap. Bilang resulta, humihina ang kanilang kasanayan sa paggawa ng mga akademikong sulatin.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy kung may pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbubuo ng tamang pangungusap sa Filipino matapos ang pagpapatupad ng *Formulating Sentence Exercises.* Sinuri sa paunang pagsusulit ang kasalukuyang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, habang ang pagsusulit pagkatapos ng interbensyon ay ginamit upang masukat ang epekto nito. Inihambing ang mga resulta upang matukoy ang naging pag-unlad sa kanilang pagsusulat. Nagsagawa rin ng panayam upang makuha ang karanasan at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa isinagawang interbensyon.

Sa pag-aaral nina Oguan at Del Valle (2022) na *"Grammatical and Mechanical Error Analysis as Tool in Writing Improvement Program for Student Journalists,"* tinalakay ang mga ugat ng kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbubuo ng pangungusap. Si Realito Adamagy (2021) naman, sa *"Factors Affecting Learners' Inaccurate Simple Sentence Structure Writing,"* ay tumutok sa mga salik na nakaaapekto sa maling pagsulat ng payak na pangungusap. Samantala, itinampok ni Wenjele R. Moquerio (2025) sa *"Interactive Sentence-Building Games"* ang paggamit ng interaktibong paraan upang matugunan ang karaniwang pagkakamaling gramatikal. Bagama't marami nang pananaliksik ang tumalakay sa mga kahinaang ito, kapansin-pansin ang kakulangan ng konkretong interbensyon na direktang umaakma sa natukoy na mga suliranin. Tinutugunan ng kasalukuyang pananaliksik ang puwang na ito sa pamamagitan ng aktuwal na implementasyon ng *Formulating Sentence Exercises* na iniangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Kung kaya, bilang mga tagapagdaloy ng konteksto sa hinaharap, mahalagang pagtuonan ng pansin ang ganitong suliranin upang higit na matamo ang mataaas na kalidad at tamang pag-organisa sa pagbuo ng pangungusap ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pag-aaral

Ang mga katanungan sa pananaliksik na ito ay gagamitin upang maisakatuparan ang mga kadahilanan kung paano ang *Formulating Sentence Exercises o Paghahasasa sa Kanasayan sa Pagbuo ng Angkop na Pangungusap* ng mga mag-aaral na mapalago ang kanilang kakanyahan upang lubos na matutuhan ang angkop at sapat na kaalaman sa pagbuo ng angkop na pangungusap. Ang mga katanungan sa pananaliksik na magiging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pagbuo ng angkop na pangungusap bago ipatupad ang interbesnyong *Formulating Sentence Exercises?*
2. Ano ang antas ng mga mag-aaral sa pagbuo ng angkop na pangungusap pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong *Formulating Sentence Exercises?*
3. May makabuluhang pagkakaiba ba sa pagbuo ng angkop na pangungusap sa isinagawang *pretest at post-test*?
4. Ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng interbensyong *Formulating Sentence Exercises* sa kanilang kumpiyansa sa pagsulat ng pangungusap?

Haypotesis

Ang *null haypotesis* ay susukatin sa 0.05 na antas ng katiyakan na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba ang *Pre-test* at *Post-Test* matapos ang ginawang interbensyon na *Formulating Sentence Exercises*: Paghahasa sa Kanasayan sa Pagbuo ng Angkop na Pangungusap.

IMINUMUNGKAHING INOBASYON, INTERBENSYON AT ESTRATEHIYA

Sa unang araw ng pagpapatupad ng interbensyon, isinagawa ang *pre-test* upang masukat ang paunang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng makabuluhang pangungusap gamit ang apat na salita. Layunin nito na matukoy ang antas ng kanilang kasanayan sa lohikal, wasto, at maayos na pagbuo ng pangungusap bago simulan ang mga interbensyon. Ang resulta ng *pre-test* ang naging batayan sa pagbuo ng mga angkop na aktibidad.

Sa ikalawang araw, isinagawa ang *Spelling* at Pagkilala sa Malalabong Salita upang mapalawak ang bokabularyo at mapabuti ang tamang pagbaybay ng mga salita. Sumunod ang Tamang Baybay, Tamang Pangungusap *Game*, kung saan ginamit ng mga mag-aaral ang salitang may wastong baybay sa pagbubuo ng pangungusap. Ang mga aktibidad ay naging masigla at kolaboratibo, nagsilbing mabisang simula ng interbensyon.

Sa ikatlong araw, nakatuon ang mga gawain sa wastong gamit ng bantas sa pangungusap. Sa Ako'y Gamitin Mo sa Tamang Bantas, ipinahula ng mga mag-aaral ang tamang bantas sa mga halimbawa. Sa Guhit-Bantas, ginamit ang mga larawan upang makabuo ng pangungusap na may angkop na bantas. Sa ikaapat na araw, tinalakay ang estruktura ng pangungusap at paggamit ng malaking titik sa Akoy Suriin, Titik Ayusin at Tama o Mali sa Malalaking Titik, na nagpalawak sa kaalaman ng mga mag-aaral sa gramatika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sa ikalimang araw, isinagawa ang mga gawaing tumutok sa malikhaing pagbubuo ng pangungusap gamit ang Sentence Starters at Emosyon Ko, Ilarawan Mo, na nagturo sa mga mag-aaral na gamitin ang wika batay sa sariling damdamin at opinyon. Sa ikaanim na araw, isinagawa ang Larawan Ko, Ilarawan Mo! at Ako'y Buoin, Sa Talata Gamitin!, na nakatulong sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagbuo ng mas mahahabang pangungusap at talata. Sa ikapitong araw, isinagawa ang *post-test* upang masukat ang progreso ng mga mag-aaral, kung saan inihambing ang resulta nito sa pre-test upang matukoy kung naging epektibo ang interbensyon sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagbubuo ng tamang pangungusap.

Araw	Paksa	Aktibidad / Estratehiya	Layunin	Inaasahang Kinalabasan
Unang Araw	Pre-Test	•Pagbuo ng pangungusap gamit ang apat na salita.	Matukoy ang antas ng paunang kakayahan sa pagbubuo ng pangungusap.	Batayan sa pagdidisenyo ng mga angkop na interbensyon.
Ikalawang Araw	Pagpapalawak ng bokabularyo at baybay	•Spelling at Pagkilala sa Malalabong Salita •Tamang Baybay, Tamang Pangungusap Game	Pagpapalawak ng bokabularyo at baybay.	Masigla at kolaboratibong pagkatuto ng bagong salita at baybay.
Ikatlong Araw	Wastong gamit ng bantas	•Ako'y Gamitin Mo Sa Tamang Bantas. •Guhit-Bantas	Maunawaan ang wastong gamit ng mga bantas ayon sa konteksto at emosyon	Magamit nang tama ang bantas sa mga pangungusap
Ikaapat na Araw	Estruktura ng pangungusap at paggamit ng malaking titik	•Akoy Suriin, Titik Ayusin •Tama o Mali Sa Malalaking Titik	Maiayos ang estruktura ng pangungusap at magamit ang tamang titik.	Malinang ang kasanayan sa gramatika at pagsasaayos ng pangungusap.
Ikalimang Araw	Malikhaing pagbubuo ng pangungusap	•Paggamit ng Sentence Starters •Emosyon Ko, Ilarawan Mo	Magamit ang wika sa malikhaing paraan ayon sa damdamin o opinyon.	Makabuo ng orihinal at makabuluhang pangungusap.
Ikaanim na Araw	Pagbuo ng mas malawak na pangungusap at talata	•Larawan Ko, Ilaraw Mo! •Ako'y Buoin, Sa Talata Gamitin! an Mo!	Mailapat ang kasanayan sa mas organisado at malikhaing anyo tulad ng talata.	Makabuo ng maayos na talata gamit ang tamang pangungusap.
Ikapitong Araw	Post-Test	•Pagbuo ng pangungusap mula sa ibinigay na salita (pareho sa pre-test)	Masuri ang progreso ng mga mag-aaral.	Makita ang pag-unlad sa kakayahan sa pagbubuo ng tamang pangungusap.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-eksperimental na disenyo, partikular ang *one-group pre-test* at *post-test* na pamamaraan. Sa disenyo na ito, isang grupo ng mag-aaral ang sumailalim sa pre-test upang masukat ang kanilang paunang kaalaman sa pagsasaling-wika, sinundan ng interbensyon sa anyo ng mga gawaing nakatuon sa pagbuo ng pangungusap, at pagkatapos ay isinagawa ang *post-test* upang matukoy kung nagkaroon ng pagbabago sa kanilang kasanayan. Layunin ng disenyo na suriin kung naging epektibo ang mga interbensyon sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral. Ayon kina Arikunto (2006) at Vocxo (2021), ang ganitong disenyo ay mahalaga upang matukoy ang epekto ng isang interbensyon bago pa man magsagawa ng mas malawak na eksperimento.

Tatlong hakbang ang isinagawa: una, ang pagsasagawa ng *pre-test* sa mga mag-aaral; ikalawa, ang implementasyon ng interbensyon gamit ang *formulating sentence exercises*; at ikatlo, ang pagsusulit matapos ang interbensyon. Ginamit ang *pre-test* at *post-test* bilang mga pangunahing instrumento upang masukat ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, partikular sa pagbuo ng pangungusap. Sa pamamagitan ng paghahambing sa resulta ng dalawang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagsusulit, malalaman kung naging matagumpay ang interbensyon sa pagpapahusay ng kasanayang ito.

Sampol at Populasyon

Ang pag-aaral ay isasagawa at ipatutupad sa isang pampublikong paaralan. Ang mga kalahok ng pananaliksik ay mga mag-aaral sa baitang-8 ng *Magatos Integrated School*, Asuncion, Davao del Norte. Pumili ang mga mananaliksik ng isang seksyon mula sa ikawalong baitang bilang mga respondente gamit ang *purposive sampling,* isang *non-probability* na pamamaraan sa pagpili ng mga kalahok base sa kakayahang magbigay ng makabuluhang datos. Ang paraang ito ay angkop upang matiyak ang kaugnayan at lalim ng datos tungkol sa mga metodong panturo. (Bisht, 2024)

Ang napiling seksyon ay binubuo ng 27 na mag-aaral na siyang magsisilbing tagapagbigay ng datos upang masukat ang kanilang kasanayan sa pagbuo ng angkop na pangungusap. Pinili ang mga mag-aaral na ito dahil karamihan sa kanila ay nahihirapang bumuo ng wastong pangungusap, pati na rin sa pagbaybay, paggamit ng kapitalisasyon, wastong bantas, at iba pang aspeto ng mekaniks ng pagsulat. Layunin din ng pag-aaral na ito na matukoy kung may pagbabago sa kanilang kasanayan sa paglikha ng angkop na pangungusap batay sa resulta ng kanilang *pre-test* at *post-test.*

Talahanayan 1
Distribusyon ng mga Respondente

Baitang	Populasyon	Sampol	Bahagdan
8- Onyx	27	27	100%

Instrumento ng Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng pag-aaral nararapat lamang na gumamit ng mga instrumentong aangkop at tutugon sa layunin ng pag-aaral. Sa pagsasagawa nito ay gumamit ang mga mananaliksik ng isang *research rubric* sa pagsukat sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ang instrumentong ito ay hinango mula sa pag-aaral ni Stratton (2019) ang isang pamamaraan upang masukat ang at *post-test* na magbibigay-daan sa isang tuwirang pagsusuri ng epekto ng interbensyon sa mga kalahok ng pag-aaral sa isang likas na kapaligiran.

Ginamit ng pag-aaral na ito ang iba't ibang paksa bilang pagtatasa sa ikawalong baitang mula sa silabus ng Departamento ng Edukasyon sa Asignaturang Filipino sa ika-8 baitang. Ito ay isang pagsusulit na mayroong iba't ibang katanungan na sumukat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng angkop na pangungusap. Ito ay sinuri at iwinasto sa pamamagitan ng *Research Rubric on measuring the students sentence* upang maiangkop sa mga mag-aaral at sa pag-aaral.

Ang pagtatasa ay binubuo ng mga katanungang napapalooban ng mga paksa mula sa aralin ng ikawalong baitang na kanilang pagbabatayan sa paggawa ng pangungusap. Sa paraang ito mapapahuasay ang kanilang kasanayan sa paglikha ng maayos, malinaw at angkop na pangungusap na siyang makapagpapaunlad sa pagagamit ng wikang Filipino. Sa puntong ito maisasakatuparan ang paggamit ng interbasyong *formulating sentence exercises.*

Upang masukat ang tumpak na lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang sa pagbuo ng pangungusap, gumamit ang mga mananaliksik ng *scoring rubric* na hinango mula kay Less (2014).

Saklaw ng Paglalarawan	Kahulugan	Interpretasyon
90 %— 100%	**Napakataas**	Ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng angkop na pangungusap ay laging naipapakita.
85% — 89%	**Mataas**	Ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng angkop na pangungusap ay madalas naipapakita.
67% — 84%	**Katamtaman**	Ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng angkop na pangungusap ay minsan lang naipapakita.
46% — 66%	**Mababa**	Ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng angkop na pangungusap ay bihirang naipapakita.
45% pababa	**Napakababa**	Ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng angkop na pangungusap ay hindi naipapakita.

Hakbang sa Paglikom ng Datos

Ang unang gagawin ng mga mananaliksik ay ang paggawa ng isang liham na nagsasaad sa lahat ng mga hakbang na aming gagawin at liham pahintulot upang mabigyan kami ng pahintulot sa pagsagawa nito sa paaralan ng *Magatos Ingtegrated School.* Sa liham ay inilagay ng mga mananaliksik ang layunin ng pag-aaral, ang mga hakbang na gagawin at ang mga magiging partisipante ng pag-aaral na ito. Nang mabigyan na ng pahintulot ito na ang siyang magiging daan upang isagawa ang pag-aaral.

Matapos aprobahan, unang lalapitan ng mga mananaliksik ay ang mga awtoridad ng paaralan na may listahan sa mga mag-aaral na nasa ikasampung baitang na kasali sa pag-aaral. Pagkatapos ay hihingi ng pahintulod sa *grade level heads*, sa mga tagapayo at ang mga guro ng asignaturang Filipino upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

makilala ang mga mag-aaral na napabilang sa *experimental* na grupo.
Kasunod nito ay magsasagawa ng isang oryentasyon upang malaman ng mga mag-aaral kung para saan ang pananaliksik na ito at ang mga layunin nito. Hindi rin magtatagal ay magsasagawa ng isang *pre-test* sa lahat ng mga partisipante upang malaman ang paunang datos na kakailangan sa pag-aaral na ito, ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga *katanungan na ibabase sa research rubriks measuring students sentence* sa mga mag-aaral. Pagkatapos malaman ang resulta ay gagawin na ang interbensyon. Ang interbensyon ay gagawin sa loob lamang ng isang buwan. Ngunit sa loob ng isang buwan, ang mga mananaliksik, bilang mga *pre-service teacher* ay gagawa ng mga gawain sa loob ng silid-aralan na siyang hahasa sa kakayahan ng mga mag-aaral na magsalin.

Bilang karagdagan, isasagawa naman ang *pre-test* sa paglinang ng kaisipan na gawain at interaktibong laro bilang bahagi ng interbensyon. Ang mga aktibidad na ito ay nilikha upang hikayatin ang mga mag-aaral na magsanay at mas mapalawak ang kanilang kaalaman sa pagsasaling-wika. Habang tumatakbo ang mga gawain, patuloy na subaybayan ng mga mananaliksik ang mga reaksyon at pakikilahok ng mga mag-aaral upang makuha ang mga kinakailangang obserbasyon sa epekto ng programa.

Kaugnay nito, magsasagawa ulit ng pagtatasa para sa *post-test* upang matukoy ang mga pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng angkop na pangungusap. Ang mga datos mula sa *pre-test, post-test*, at mga obserbasyon ay isusuri gamit ang mga istatistikal na kagamitan upang matukoy ang epekto ng interbensyon. Ang pagsusuri ng mga datos ay magbibigay ng konkretong ebidensya na magpapatunay sa mga pagbabago sa kasanayan paggawa ng angkop na pangungusap, bago at pagkatapos ng interbensyon.

Sa kabuoan, ang mga mananaliksik ay magsasagawa na ng pagsusuri at buod sa mga nakalap na datos upang makapagbigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng mga aktibidad sa pagsasanay ng pagbuo ng angkop na pangungusap. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magsisilbing gabay sa pagpapalawak ng mga hakbang na naglalayong ang kasanayan sa pagsasalin sa klase.

Istatistikal na Tritment ng mga Datos
Ang mga sagot sa bawat bilang ng mga talatanungan ay itatala nang naaayon sa layunin ng pag-aaral na ito. Ang resulta ay aanalisahin at bibigyang-pagpapakahulugan gamit ang mga naaangkop na istatistikal *tool.*

Mean. Ginamit ito upang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa perpormans ng pangkat bago at matapos ang interbensyong ginawa. Ito rin ang gagamitin upang ilarawan ang resulta ng *pre-test* at *post-test.*

Standard Deviation. Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa *mean* upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa *pre-test at post-test.*

Paired T-test. Ginamit ito upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test*. Kung ang *mean* ba ng *experimental* na grupo sa *pre-test* ay mas mataas o mas mababa sa nakuhang marka sa *post-test.*

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng *Cohen's d*, maisasakatuparan ang paggamit ng interbasyong *formulating sentence exercises* sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman sa wastong pagbuo ng mga pangungusap.

Pag-aanalisa ng Datos
Ginamit ng mga mananaliksik ang *thematic analysis* upang suriin at bigyang-kahulugan ang kwalitatibong datos na nakuha mula sa mga sagot ng mga kalahok (Braun & Clarke, 2006). Nagsimula ang proseso sa data *reduction,* kung saan inayos at pinasimple ang mga sagot sa pamamagitan ng pag-uugnay ng magkakatulad na ideya at kaisipan. Ang mga pinagsama-samang sagot ay isinailalim sa *coding,* kung saan tinukoy at binigyan ng tiyak na label ang mga umuusbong na pattern sa datos. Ang mga *code* na ito ay inorganisa sa mga kategoryang kumakatawan sa magkakatulad na tema, na bawat isa ay may nakatalagang *code* at pangalan ng tema. Upang matiyak ang pagiging kapani-paniwala ng mga resulta, ang mga napiling tema ay binigyan ng interpretasyon at pinatunayan ng mga eksperto na bihasa sa kwalitatibong pagsusuri.

MGA RESULTA AT DISKUSYON

Ipinakita sa bahaging ito ang mga natuklasan at pagpapalawig ng resulta *ng Formulating Sentence Exercises* sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng pangungusap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 - Onyx ng Magatos Integrated School. Inilalahad sa bahaging ito ng pag-aaral ang mga datos na maingat na inayos, ipinresenta, sinuri, at binigyang-kahulugan upang makamit ang mas malalim na pag-unawa sa mga nakalap na impormasyon.
Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng datos ukol sa antas ng kakayahang ipinamalas ng mga mag-aaral sa Ika-8 baitang sa *pre-test;* ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng pangungusap na ipinamalas sa post-test; at ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral.

Research Objective No.1: Ano ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pagbuo ng angkop na pangungusap bago ipatupad ang interbesnyong *Formulating Sentence Exercises?*

Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang mga resulta ng *pre-test* na sumasalamin sa antas ng pagbuo ng angkop na pangungusap ng 27 mag-aaral bago ang isinagawang interbensyon. Ang *mean percentage score* (MPS) ay 53.19%, (SD = 6.266), na tumutugma sa deskriptibong antas na "Mababa," na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may limitadong pag-unawa sa mga konseptong nasuri sa pagsusulit. Ang pinakamataas na marka ay 77, na nakuha ng 1 mag-aaral (3.704%), habang ang pinakamababang marka ay 42, na nakuha

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ng 2 mag-aaral (7.407%). Ang mga pinaka-madalas lumabas na marka ay 49, 50, at 53, na bawat isa ay nakuha ng 3 mag-aaral (11.111%), na nagpapakita ng pagkalat ng marka sa mas mababang bahagi ng gitnang hanay. Ipinahihiwatig ng mga resulta na bago ang interbensyon, ang mga mag-aaral ay may hindi sapat na kaalaman sa paksa, at may kaunting pagkakaiba-iba sa marka. Ipinapakita rin ng *standard deviation* ang katamtamang pagkalat ng pagganap, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mas angkop na estratehiyang panturo upang mapabuti ang pagkatuto.

Talahanayan 2
Resulta ng Pretest

Pre-test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
42	2	7.41 %
44	1	3.70 %
45	2	7.41 %
46	2	7.41%
47	1	3.70 %
49	3	11.11 %
50	3	11.11 %
51	1	3.70 %
52	1	3.70 %
53	3	11.11%
54	1	3.70%
56	1	3.70 %
57	1	3.70 %
64	1	3.70 %
67	1	3.70 %
69	1	3.70 %
76	1	3.70 %
77	1	3.70 %
Total	**27**	**100** %
Mean Percentage Score (MPS)		**53.19%**
Standard Deviation (SD)		**6.27**
Deskripsyon		**Mababa**

Sinuportahan ito mula sa pag-aaral ni Adamugy, et al. (2021) ukol sa kakulangan ng pokus sa pagbuo ng pangungusap, kasama ang mababang kasanayan at kakulangan ng diin sa kawastuhan ng pagsulat, ay lubhang nakahahadlang sa kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng epektibong pangungusap. Ipinapakita ng datos sa talahanayan na may malaking kakulangan ang mga mag-aaral sa pundasyong kasanayan sa pagsulat, partikular sa tamang gamit ng gramatika at estruktura ng pangungusap.

Kaugnay nito, ipinahayag ni Chong (2018), ang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay kinabibilangan ng kakulangan sa baybay, bokabularyo at organisasyon na kadalasang naoobserbahan sa ika-8 baitang. Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbuo ng lohikal at maayos na pangungusap. Dagdag pa rito ang maling gamit nilang bantas, malaking titik, at tamang ayos ng salita.

Samantala, batay kina Khansa at Sutrisno (2019), ang mga pagkakamali sa pagsusulat ay karaniwang lumilitaw sa bahagi ng gramatika. Kaugnay nito, maraming mag-aaral ang walang tiwala sa sarili sa mga gawaing pagsusulat, lalo na sa pagsasaling-wika at pagsasaayos ng pangungusap. Ipinapakita nito ang kakulangan sa kaalaman sa grammar, estruktura ng pangungusap, at kritikal na pag-iisip, kaya't kinakailangan ang interbensyon upang malinang ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng wasto at mabisang pangungusap.

Sa Talahanayan 3, makikita ang resulta ng *pre-test,* na mababa ang naging marka ng mga mag-aaral sa lahat ng aspekto ng pagsusulat. Pinakamababa ang *Language Use at Mechanics* na parehong nasa 46%, habang ang *Content, Organization*, at *Vocabulary* ay nasa pagitan ng 54% hanggang 58%. Ipinapakita nito ang kakulangan sa gramatika, estruktura ng pangungusap, at lohikal na pagbuo ng ideya. Ang kabuuang iskor na 53.185% ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa interbensyon. Sa kabuuan, kinakailangang malinang pa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Talahanayan 3
Mean Scores and Descriptions for Indicators before the Implementation of the Intervention

Indicators	**Pre-test**	
	Average Percentage Scores (%)	**Description**
Content	56.00%	Mababa
Language Use	46.00%	Mababa
Organization	54.00%	Mababa
Vocabulary	58.00%	Mababa
Mechanics	46.00%	Mababa
Percentage Scores	**53.19%**	**Mababa**

Ayon kina Behre at Kifle (2023),ang mababang antas ng kasanayan sa pagsusulat ay malimit na dulot ng kakulangan ng mga mag-aaral sa kaalaman sa *grammar* at istruktura ng pangungusap. Sa kanilang pag-aaral, ipinakita na karamihan sa mga estudyante ay nahihirapan sa pagpili ng tamang salita, paggamit ng tamang anyo ng pandiwa, at pagbubuo ng lohikal na daloy ng ideya. Ang ganitong mga kakulangan ay nagdudulot ng mababang performance sa pagsusulit, tulad ng makikita sa *pre-test* na isinagawa sa kasalukuyang pag-aaral.

Pinatunayan naman nina Bader & Dypedahl (2020) lumabas na ang organisasyon ng ideya at lohikal na pagkakasunod-sunod ay dalawang pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Dahil sa kakulangan ng sapat na instruksyon sa pagsasaayos ng teksto, maraming estudyante ang hindi nakagagawa ng malinaw at maayos na komposisyon. Ang mababang marka sa *organization* at *content* sa *pre-test* ay malinaw na indikasyon ng problemang ito sa kasanayan sa pagsulat.

Binigyang-diin ni Straus (2018), na ang kahinaan ng mga mag-aaral sa aspeto ng mechanics tulad ng *spelling, punctuation, at capitalization ay* may malaking epekto sa kabuuang kalidad ng kanilang sinulat. Ang kakulangan sa teknikal na aspeto ng pagsusulat ay humahadlang sa mabisang pagpapahayag ng ideya, dahilan upang bumaba ang marka ng mga mag-aaral sa mga pagsusulit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Research Objective No.2: Ano ang antas ng mga mag-aaral sa pagbuo ng angkop na pangungusap pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong *Formulating Sentence Exercises?*

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang mga resulta ng *post-test* na isinagawa sa 27 mag-aaral upang masukat ang kanilang kasanayan sa pagbuo ng angkop na pangungusap matapos ang pagpapatupad ng *Formulating Sentence Exercises*. Ang pinakakaraniwang iskor ay 85, na nakuha ng 12 mag-aaral o 44.444%, na nagpapahiwatig ng pagtuon ng karamihan sa mataas na antas ng pagganap. Ang *mean percentage score* ay 83.519% na may deskriptibong interpretasyon na Katamtaman, samantalang ang *standard deviation* ay 9.544, na nagpapakita ng pag-unlad sa resulta ng mga mag-aaral. Ang pinakamataas na iskor ay 90, habang ang pinakamababa ay 56. Ipinapahiwatig ng mga resultang ito na karamihan sa mga mag-aaral ay nakamit ang mas mataas at mas konsistent na antas ng kasanayan sa pagbuo ng angkop na pangungusap, na nagpapakita ng positibong epekto ng *Formulating Sentence Exercises* sa kanilang pagkatuto.

Pinagtibay sa naging pag-aaral ni Aprilianti (2024), na ang mga konstruktibong estratehiya tulad ng aktibong pagkatuto at eksplorasyon ay epektibong nakatutulong sa mga mag-aaral sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat. Natuklasang malaki ang naging pag-unlad ng kakayahan ng mga kalahok sa pagbuo ng pangungusap matapos ang isang serye ng pagsasanay. Sama-samang ipinapakita ng mga natuklasang ito na ang mga gawain sa klase tulad ng *formulating sentence exercises* ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ipinapahiwatig nito na ang sistematikong pagsasanay sa pagbuo ng pangungusap ay isang epektibong paraan upang mapaunlad ang kakayahang magsulat ng mga mag-aaral.

Talahanayan 4
Resulta ng Post-test

Post – Test		
Score	**Frequency**	**Percentage**
56	1	3.70 %
78	1	3.70 %
80	4	14.82%
83	2	7.41 %
84	1	3.70 %
85	12	44.44 %
87	1	3.70 %
88	3	11.11 %
90	2	7.41 %
Total	**27**	**100** %
Mean Percentage Score		**83.52%**
Standard Deviation (SD)		**9.54**
Description		**Katamtaman**

Samantala, ayon kay Pulk (2022), unti-unti nagagamit ng mga mag-aaral nang tama ang mga alituntunin sa gramatika sa loob ng pangungusap. Sa tulong ng mga aktibidad sa isinagawang interbensyon, natutunan nilang suriin at ayusin ang kanilang sariling mga gawain. Bukod dito, naging mas malinaw sa kanila ang pagkakaiba ng maayos at magulong pangungusap, kaya mas napapahusay nila ang organisasyon at lohika ng kanilang mga ideya.

Dagdag pa rito, ayon kay Kunnskapsdepartementet (2019), ang *regular* na *feedback* mula sa guro ay nakatulong upang matukoy at maitama ng mga mag-aaral ang kanilang mga kahinaan sa pagsusulat. Sa pagdaan ng panahon, mas naging maayos ang paggamit nila ng tamang bokabularyo, bantas, at estruktura. Naging sistematiko rin ang kanilang pagsulat mula ideya hanggang pagpapahayag, kaya mas naging malinaw at epektibo ang kanilang komunikasyon sa pasulat na anyo.

Batay sa resulta mula sa Talahanayan 5 ng *post-test*, makikita ang malinaw na pagtaas ng marka ng mga mag-aaral sa lahat ng aspekto ng pagsusulat. Nakakuha ng mataas na iskor ang *Content* (88%), *Organization* (87%), at *Vocabulary* (86%) na nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa at mas maayos na pagpapahayag ng *idea* sa kanilang mga gawaing pasulat. Samantala, ang *Language Use* (76%) at *Mechanics* (75%) ay nasa antas na katamtaman, na bagama't may natitirang puwang para sa pagpapabuti, ay nagpapakita pa rin ng malaking pag-unlad mula sa *pre-test.* Ang kabuoang *average percentage score* na 83.519% ay nagsasaad ng epektibong epekto ng isinagawang interbensyon sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng angkop na pangungusap.

Talahanayan 5
Mean Scores and Descriptions for Indicators after the Implementation of the Intervention

Indicators	**Post-test**	
	Average Percentage Scores (%)	**Description**
Content	88.00%	Mataas
Language Use	76.00%	Katamtaman
Organization	87.00%	Mataas
Vocabulary	86.00%	Mataas
Mechanics	75.00%	Katamtaman
Percentage Scores	**83.52%**	**Katamtaman**

Sa kaugnay na pananaliksik ni Askland (2020), naging mas aktibo ang mga mag-aaral sa mga gawaing pasulat dahil sa malinaw na mga gabay, pagsasanay, at *feedback* na ibinigay ng guro. Sa bawat hakbang ng pagsasanay, natutunan nilang tukuyin at iwasto ang kanilang mga kamalian sa gramatika at baybay. Ang paggamit ng mga teknik ay nakatulong upang mas malinang ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng lohikal at organisadong pangungusap.

Bukod dito, pinatunayan nina Rosyidah and Giyoto (2018) na mas naging pamilyar ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng bokabularyo at mas epektibong naipapahayag ang kanilang mga saloobin at pananaw. Ang pagtaas ng marka sa *Content* at *Vocabulary* ay nagpapakita ng kanilang kakayahang gumamit ng mas angkop na mga salita sa pagpapahayag. Sa tulong ng paulit-ulit na gawain tulad ng pagsasalin ng mga *idea* mula sa larawan, pagsusulat ng talata batay sa karanasan, at pagbibigay-opinyon sa mga napapanahong isyu, naging mas tiwala sila sa kanilang kakayahan sa pagsulat.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Bilang karagdagan, batay kay Abdul Aziz (2020), ang paggamit ng iba't ibang interbensyong nakapokus sa kanilang kahinaan batay sa rubriks na nakatuon sa mekaniks ng wika, partikular na ang mga interaktibong gawain sa pagbuo ng pangungusap, ay may malaking epekto sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral na bumuo ng tamang estruktura ng pangungusap. Ang pananaw na ito ay nagbibigay-suporta sa naging resulta ng interbensyon na isinagawa sa mga mag-aaral sa ikawalong baitang, kung saan makikita ang makabuluhang pagtaas sa kanilang *post-test scores* matapos ang serye ng mga pagsasanay sa *formulating sentences.*

Research Objective No.3: May makabuluhang pagkakaiba sa pagbuo ng angkop na pangungusap sa isinagawang *pre-test* at *post-test*.

Ipinapakita ng Talahanayan 6 ang resulta ng Paired Samples T-Test na may makabuluhang pagkakaiba sa marka ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon t (26) = 13.554, p < .001. Ang effect size na 2.608 ay nagpapahiwatig na naging makabuluhan ang interbensyong Formulating Sentence Exercises sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap. Sa 27 kalahok (df = 26), malinaw na naging epektibo ang interbensyon sa pagpapataas ng kaalaman. Ipinapakita nito ang malaking pag-unlad ng mga mag-aaral sa post-test kumpara sa pre-test. Dahil ang p-value ay mas mababa sa 0.05, malinaw na ang pagtaas ng marka sa post-test ay hindi bunga ng pagkakataon.

Samantala, kapansin-pansin ang pagtaas ng *mean score* ng mga mag-aaral mula 53.19% sa *pre-test* tungong 83.52% sa *post-test,* na may makabuluhang pagkakaiba batay sa *Paired Samples T-Test,* t(26) = 13.554, p < .001. Bumaba rin ang *standard error at coefficient of variation*, na nagpapahiwatig ng mas konsistent at tiyak na pagganap sa *post-test.* Ang *effect size* na 2.608 ay nagpapakita ng napakalakas na epekto ng *Formulating Sentence Exercises* sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat.

Talahanayan 6
Significant Difference Between the Pre-test and Post-test Scores
Paired Samples T-Test

Measure 1	Measure 2	Student t	df	p	Effect Size	SE Effect Size
Post-test -	Pre-test	13.554	23	<.001	2.608	0.583

Binigyang- suporta sa pag-aaral nina Sermsook et al. (2020) na ang mga interbensyong nakatuon sa pagsasanay sa pagsulat ay epektibo sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga mag-aaral, lalo na sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, na higit pang nagpapalakas sa makabuluhang pagtaas sa performans ng mga mag-aaral matapos ang interbensyong *formulating sentence exercises.* Nagpapatunay lamang ito na naging epektibo ang interbensyon batay sa pag-aanalisa sa mga marka ng mga mag-aaral mula sa *pre-test* ay may lubhang makabuluhang pagkakaiba kumpara sa kanilang mga marka sa *post-test.*

Dagdag nito, ang mga natuklasan sa pag-aaral ni Ciel (2019), nakapagpapatunay na ang paraan ng pagtuturo ng guro ay may malaking impluwensiya sa tagumpay ng mga mag-aaral sa akademiko, mula sa *regular* at sistematikong pagsasanay sa pagsulat ay nagpakita ng mas mataas na antas ng kumpiyansa sa kanilang kakayahang bumuo ng mga pangungusap at maipahayag ang kanilang mga ideya nang mas malinaw. Sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa *sentence construction at grammatical awareness,* mas naging maingat ang mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang mga *idea,* na humantong sa mas organisado at masining na pagsulat.

Samantala, batay naman kina Green & Harrington (2020), na ang mga interbensyong nakabatay sa aktwal na pangangailangan ng mga mag-aaral, tulad ng *formulating sentence exercises,* ay mas epektibo dahil ito ay nakatuon sa partikular na kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat na magpapalalim sa kanilang partisipasyon. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, nagkakaroon sila ng pagkakataong iwasto ang kanilang mga pagkakamali, mapaunlad ang kanilang kasanayan, at mapagtibay ang pundasyon ng gramatika at sintaks. Sa gayon, hindi lamang pansamantalang pagtaas ng marka ang naidudulot nito, kundi pangmatagalang pag-unlad sa kanilang akademikong pagganap at komunikatibong kakayahan.

Research Objective 4: Ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng interbensyong *Formulating Sentence Exercises* sa kanilang kumpiyansa sa pagsulat ng pangungusap.

Upang masagot ang tanong sa pananaliksik, nagsagawa ng indibidwal na panayam sa mga partisipante upang makuha ang kanilang mga sagot kaugnay ng kanilang obserbasyon at karanasan sa epekto ng iba't ibang interbensyon ukol sa *Formulating Sentence Exercies sa* pagpapabuti ng kasanayan sa pagbuo ng angkop ng pangungusap sa ika-8 baitang.

Ang mga pangunahing tema at mga halimbawang pahayag para sa tanong sa pananaliksik bilang 4 ay ipinakita sa Talahanayan 7. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga sagot batay sa kanilang sariling karanasan at obserbasyon sa naturang interbensyon. mula sa mga sagot ng mga kalahok, lumitaw ang lima na pangunahing tema: (1) nalilinang ang paggamit ng tamang bantas sa pangungusap; (2) nagpapalakas ng kumpiyansa at kasanayan sa pagkatuto; (3) paglalapat ng interaktibong aktibidad; (4) pagyabong ng bokabularyo at pagpapalawak ng kaisipan sa pagsusula; at (5) pagtutuwid sa pamamagitan ng pagpupuna at pagsusuri ay kinakailangan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Mga Pangunahing Tema	Mga Sumusuportang Pahayag
Nalilinang ang Paggamit ng Tamang Bantas sa Pangungusap	• *"Talaga pong nakakaba nong una lalo na po at sa online lang po kami nakikinig at hindi po sa personal, gayunpaman, nakatulong po ang interbensyong paggamit ng tamang bantas at malaking titik. Ito po ay naging gabay ko sa pagbuo ng angkop na pangungusap." -IDI-03* • *"Malaki po ang naitulong ng tamang paggamit ng bantas na isa sa naging interbensyon dahil nakakalimutan ko po talaga minsan na maglagay ng tuldok at kuwit sa pagbuo ng maayos na pangungusap. Sa pamamagitan nito ay napapaalahanan ko na isa ito sa malaking bahagi sa pagbuo ng pangungusap. -IDI-04* • *"Siguro po ang nagmarka sa akin ay ang pagsasanay kung paano at saan ilalagay ang tamang bantas. Mas napadali para sa akin ang pagpapahayag ng tamang damdamin sa pangungusap kapag alam ko kung kailan gagamit ng tuldok, tandang pananong, o tandang padamdam." -IDI-08*
Nagpapalakas ng Kumpiyansa at Kasanayan sa Pagkatuto	• *"Sa aking palagay po maam, nakatulong po ang Formulating Sentence Exercises upang mas maging kumpiyansa ako sa pagsulat dahil natutunan kong ayusin ang daloy ng aking mga ideya." -IDI-01* • *"Sa aking palagay, nakaapekto nang positibo ang Formulating Sentence Exercises sa aking kumpiyansa sa pagsulat dahil natutunan kong gamitin nang tama ang mga bahagi ng pangungusap." -IDI-03* • *"Malaki po maam ang naitulong ng iba't ibang interbensyong inyong ibinigay sa aking kompyansa sa pagsulat ng paulit-ulit na pagsasanay, feedback, at kolaborasyon kasama ang aking mga klase kahit sa birtwal na hapag ay nagpatibay ng aking tiwala sa aking kakayahan na bumuo ng tama at makabuluhang pangungusap." -IDI-06* • *"Mas tumaas ang kumpiyansa ko sa sarili. Ngayon, hindi na ako natatakot magsulat kahit may konting kahirapan sa gramatika. Napansin ko ring mas mabilis akong makaisip ng ideya na isusulat." -IDI-07* • *"Sa akin po, mas tumaas ang kumpiyansa ko kasi hindi na ako nahihirapam kung ano ang tamang pagbaybay, paggamit ng bantas ng mga salita at kung gaano ito kahalaga lalo na sa pagsulat ng pangungusap. Ngayon, kapag may sinusulat akong kwento o sagot, titiyakin ko pong tama ang bawat pagbuo ng mga pangungusap." -IDI-09*
Paglalapat ng Interaktibong Aktibidad	• *"Mungkahi ko na magkaroon ng mas maraming interaktibong aktibidad tulad ng sentence building game sa online po maam." -IDI-06* • *"Siguro po mas masaya kung may dagdag na oras sa laro at may kasama ring pagsulat ng sariling pangungusap pagkatapos ng laro. Makakatulong ito para ma-praktis agad ang natutunan sa baybay sa aktwal na pagsusulat." -IDI-07* • *"Siguro po magandang magkaroon ng laro sa pagbuo ng mga pangungusap na may iba't ibang bantas. Sa ganitong paraan, mas interaktibo at mauunawaan namin ang tono at damdaming kalakip sa bawat gamit ng bantas." -IDI-08* • *"Mas magiging masaya kung isasama ang "acting" kung saan gagamitin ang pangungusap na may bantas at ipapakita sa kilos ang damdamin nito. Para mas maramdaman po maam ang bawat kahulugan at maging interaktibo." -IDI-09*
Pagyabong ng Bokabularyo at Pagpapalawak ng Kaisipan sa Pagsusulat	• *"Nakatulong din ito upang mapalawak ang aking bokabularyo at maging mas maingat sa pagbuo ng mga ideya, kaya mas lumawak ang aking kumpiyansa sa pagsusulat." -IDI-02* • *Nakatulong ito upang mapalawak ang aking bokabolaryo mas maintindihan ang tamang istruktura ng pangungusap at mapalawak ang aking pag-unawa sa wastong gramatika." -IDI-06* • *Sa tuwing gumagawa ako ng pangungusap mula sa isang salita o ideya, napapaisip ako kung paano ito mailalarawan sa mas makabuluhang paraan." -IDI-09* • *"Opo, kahit po sa online natin ginawa ay marami pong mga pangungusap ang naitama sa aming nakasanayan po. Bukod sa lumawak po ang aking kaisipan at bokabularyo sa pagbuo ng pangungusap at imahinasyon sa pagbuo ng idea." -IDI-10*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pagtutuwid sa Pamamagitan ng Pagpupuna at Pagsusuri ay Kinakailangan	• *"Ang mairerekomenda ko po ay ang pagpapractice ng Peer Review kung saan po ay magkaroon kami ng mga session para sa pagkakataong magbigay at tumanggap ng puna sa mga pangungusap ng iba, upang matutunan ang iba't ibang estilo ng pagsulat at mapabuti ang kalidad ng aming mga pangungusap." -IDI-05* • *Siguro po ay ang magkaroon ng pagkakataong magkakaroon magbahagi at makinig ng puna sa mga idea ng iba, upang mapabuti ang istruktura ng aming mga pangungusap." -IDI-06* • *"Mainam rin na isama ang peer evaluation o pagbibigay ng puna sa gawa ng kaklase upang matuto mula sa iba't ibang estilo ng pagsulat at makatanggap ng konkretong mungkahi para sa pag-unlad." -IDI-03*

Ang unang temang nabuo ay ang nalilinang ang paggamit ng tamang bantas sa pangungusap. Ibinahagi ng mga mag-aaral na mas naging malinaw sa kanila ang gamit ng bantas at naging mas maayos ang kanilang sulatin. Ayon kina Rozimela et al. (2019), ang maling paggamit ng bantas, lalo na ang kakulangan ng kuwit pagkatapos ng panimulang salita at sugnay, ay karaniwang suliranin. Dagdag nina Suliman et al. (2019), ang tamang gamit ng bantas ay nagpapadali ng komprehensyon at nagpapalakas sa pagpapahayag ng ideya.

Kaugnay nito, ang ikalawang tema naman ay nakatuon sa kung paanong ang paggamit ng mga interbensyon o estratehiya tulad ng game-based learning ay nagpapalakas ng kumpiyansa at kasanayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Idris (2020), ang masayang aktibidad ay nakababawas ng emosyonal na hadlang sa pag-aaral ng gramatika. Dagdag pa ni Al-Jarrah (2019), ang mga laro ay nakatutulong upang maisabuhay ng mga mag-aaral ang mga tuntunin ng gramatika at maipahayag ang sarili nang may tiwala.

Dagdag pa rito, sa ikatlong tema naman ay tumatalakay sa pagpapahusay ng pagkatuto sa pamamagitan ng paglalapat ng interaktibong aktibidad. Ayon sa mga mag-aaral, epektibo ang kanilang pagkatuto kapag aktibo silang nakikilahok sa mga gawaing kawili-wili at makabuluhan. Sinabi ni Hafeez (2022) na ang interaktibong interbensyon ay nagpapataas ng partisipasyon, habang iginiit ni Lytovchenko (2020) na mahalaga ang praktikal na aplikasyon ng wika sa tunay na komunikasyon.

Samantalang sa ikaapat na tema ay pagyabong ng bokabularyo at pagpapalawak ng kaisipan sa pagsusulat. Ibinahagi ng mga mag-aaral na mas lumalawak ang kanilang bokabularyo at linaw ng ideya sa pagsusulat. Ayon kay Saputra (2022), ang pagsusulat ay mahalagang kasangkapan sa pagpapahayag. Dagdag nina Ramasamy at Aziz (2018), ang mahusay na pagsulat ay nakasalalay sa organisadong pananaw, wastong bokabularyo, gramatika, at estruktura.

Panghuli, iminungkahi ng mga mag-aaral sa panayam ang paggamit ng peer review upang mapabuti ang kalidad ng kanilang pagsulat sa pamamagitan ng pagbibigay at pagtanggap ng puna. Ayon kina Junaid at Santaria (2022), ang konstruktibong puna ay nakatutulong sa pagtukoy at pagwawasto ng kahinaan sa sulatin. Samantala, binanggit ni Bhandari (2022) na ang kolaboratibong pagkatuto ay nagpapalalim ng ideya at nagpapalawak ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagbabahaginan.

KONKLUSYON

Ipinakita ng resulta ng *pre-test* na ang mga mag-aaral ng Baitang 8 - Onyx sa Magatos Integrated School ay may mababang antas ng kasanayan sa pagbuo ng angkop na mga pangungusap sa wikang Filipino, na may *mean percentage score* na 53.185%. Ang antas na ito ay nasuri bilang "mababa," na nagpapahiwatig ng limitadong pag-unawa sa gramatika, bokabularyo, organisasyon, at mekaniks ng pagsulat. Marami sa mga mag-aaral ang nahirapan sa wastong paggamit ng malaking titik, bantas, at lohikal na pagkakaayos ng mga *idea* sa kanilang mga pangungusap. Ipinapakita ng mga resultang ito ang malinaw na pangangailangan para sa mas istruktura at interaktibong mga gawain sa pagkatuto na layong paunlarin ang kasanayan sa pagbubuo ng pangungusap.

Matapos ang implementasyon ng *Formulating Sentence Exercises*, lumitaw sa *post-test* ang makabuluhang pag-unlad sa kasanayan ng mga mag-aaral, kung saan tumaas ang *mean percentage score* sa 83.519% na may deskripsyong "katamtaman." Nagpakita ng pagtaas ang lahat ng aspekto tulad ng nilalaman, bokabularyo, organisasyon, gamit ng wika, at mekaniks. Sa kabuoan, napatunayang epektibo ang interbensyon sa pagpapalinaw ng estruktura ng pangungusap at tamang paggamit ng wika. Ang sistematikong pagsasanay ay nagbigay daan sa mas mataas na antas ng pag-unawa. Ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay nagpamalas ng tagumpay ng interbensyon bilang isang makabuluhang estratehiya sa pagkatuto.

Kinumpirma ng estadistikong pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa mga marka sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ($t = 13.554$, $p < .001$), na may napakalaking *effect size* (Cohen's $d = 2.608$). Ang pagbaba ng *standard error* at *coefficient of variation* sa *post-test* ay nagpapahiwatig ng mas pare-parehong antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Pinatutunayan ng mga datos na epektibo ang interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbubuo ng pangungusap at sa pagpantay ng antas ng kahusayan ng mga mag-aaral. Ang nasabing pagtaas sa marka ay nagpapakita ng halaga ng interaktibo at istrukturadong gawain sa pagsusulat bilang epektibong estratehiya sa pagtuturo.

Dagdag pa rito, ang mga pananaw na nakalap mula sa panayam sa mga mag-aaral ay nagpapatibay sa mga natuklasang numerikal. Inilahad ng mga mag-aaral na tumaas ang kanilang kumpiyansa at kasiyahan sa pagsusulat, bunsod ng masigla at sistematikong daloy ng mga aktibidad. Naging epektibo ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mga gawaing nakatulong sa mga mag-aaral sa pagpapabuti ng kanilang gramatika, at oganisasyon sa pagbuo ng pangungusap. Ilan sa kanila ang nagbigay ng mungkahi ukol sa mas marami pang kolaboratibong pagsusuri, at mga gawain na konektado sa totoong buhay upang lalo pang mapatatag ang kanilang kaalaman.

Sa kabuuan, napatunayan na ang *Formulating Sentence Exercises* ay isang epektibong istratehiya sa pagtuturo na nakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng makabuluhan at grammatikal na pangungusap sa Filipino. Bukod sa pagtaas ng kanilang akademikong pagganap, nakatulong din ito sa paghubog ng mas positibong pananaw sa pagsusulat. Ang mga interbensyon ay nakatuon sa mag-aaral na nakalikha ng isang kapaligirang masigla at epektibo para sa pagkatuto. Dahil dito, mariing inirerekomenda ang paggamit ng estratehiyang ito sa pagtuturo ng asignaturang Filipino bilang bahagi ng pagpapahusay ng kasanayang pangkasalukuyan sa pagsusulat.

REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang paggamit ng *Formulating Sentence Exercises* bilang interbensyon upang linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng angkop na pangungusap sa ika-8 baitang. Layunin nitong paigtingin ang aktibong partisipasyon, lohikal na pag-iisip, at masusing pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagsulat. Binubuo ito ng mga gawaing gaya ng *Spelling* at Pagkilala sa Malalabong Salita, Tamang Baybay, Tamang Pangungusap *Game*, Ako'y Gamitin Mo sa Tamang Bantas, Guhit-Bantas, Ako'y Suriin, Titik Ayusin, Tama o Mali sa Malalaking Titik, at Paggamit ng *Sentence Starters.* Ang mga ito ay nakatuon sa tamang baybay, estruktura, gramatika, at lohikal na pagbuo ng pangungusap. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na ito, natututo ang mga mag-aaral na magpahayag nang malinaw, maayos, at epektibo sa pagsulat.

Bukod dito, inirerekomenda ang karagdagang aksyon-pananaliksik upang masukat pa ang pangmatagalang epekto ng interbensyon, at upang makatulong sa mga guro sa pagbibigay ng konkretong estratehiya sa pagtuturo. Mahalaga ring isaalang-alang ng mga institusyong pang-edukasyon ang pagbibigay ng propesyonal na pag-unlad sa mga guro para sa mas mahusay na implementasyon ng *Formulating Sentence Exercises.* Sa ganitong paraan, maaaring kilalanin ang interbensyong ito bilang isang mabisang pedagogical tool sa larangan ng wika na mag-aambag sa mas makabuluhang, epektibo, at kasiya-siyang karanasan sa pagkatuto para sa mga mag-aaral.

TALASANGGUNIAN

1. *Arikinto, S. (2006) Procedure penelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta.*
2. *Al-Jarrah, J. M. (2019). Improving English grammar achievement through educational games among eleventh grade students in East Jerusalem. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 8(1). https://ijarped.com/index.php/journal/article/view/491.*
3. *Adamugy, R. (2021). Factors Affecting Learners' Inaccurate Simple Sentence Structure Writing: Case of Nampula Secondary School, Grade 12. Volume 9, Issue 11, November-2021 ISSN 2320-9151.*
4. *Abdul Aziz, A., & Morthy, D. K. (2021). The Effectiveness of Colour-Coded Dominoes in Enhancing Simple Sentence Construction. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development, 10(2), 1-15.*
5. *Aprilianti, B. D. (2024). Teaching English writing for primary students: Constructivism views. Journal of English Teaching, 10(1), 15-25. Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1447216.pdf?utm_source=chatgpt.com*
6. *Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa*
7. *Bader, M., & Dypedahl, M. (2020). Working with grammar. In C. Carlsen, M. Dypedahl, & S. H. Iversen (Eds.), Teaching and Learning English (Vol. 2, pp. 248-266). Cappelen Damm Akademisk.*
8. *Bryson, S. (2020). How to Improve Your Sentence Structure: Avoid Common Errors. Scriber.*
9. *Bhandari, B. L. (2022). Effectiveness of collaborative learning for improving learners' writing proficiency in English classrooms. Deleted Journal, 36(01), 199–210. https://doi.org/10.3126/tuj.v36i01.43624.*
10. *Behre, V. B., & Kifle, N. A. (2023). Lærerstudenters grammatikkforståelse: Forestillinger og oppfatninger om kunnskap, undervisning og grammatikkinnlæring ELLA, 1(1), 45, Article 7. https://doi.org/https://doi.org/10.58215/ella.23*
11. *Bisht, R. (2024, July 14). What is Purposive Sampling? Methods, Techniques, and Examples, Researcher's Life. Retrieved from https://surl.li/krrhcl*
12. *Berninger VW, Child writers' construction and reconstruction of single sentences and construction of multi-sentence texts: contributions of syntax and transcription to translation. Dev Neuropsychol. 2008;33(6):707-44. doi: 10.1080/87565640802418662.*
13. *Cielo, A. (2019). Effectiveness of Traditional Method of Teaching in Academic Performance of General Academic Strand Students at Bestlink College of the Philippines. Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 1(1). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/1245*
14. *Choemue, S., & Bram, B. (2021). And Discourse Markers in Academic EFL, Non-Academic Writings of Thai Learners. Studies in English Language and Education, 8(3), 1209–1226. https://doi.org/10.24815/siele.v8i3.20122.*
15. *Chen, W., & Yu, S. (2019). Implementing collaborative writing in teacher- centered classroom contexts: student beliefs and perceptions. Language Awareness, 1–21.https://doi.org/10.1080/09658416.2019.1675680*
16. *Floranti, A. D. & H. N. A. (2019). Grammatical error performances in Indonesia EFL learners" writing. Indonesian Journal of English Language Teaching and Applied Linguistics, 3(2), 277-295.*
17. *Green, C. & Harrington, C. (2020). Student-centered learning: In principle and in practice. Lansing, MI: Michigan Virtual University.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

https://michiganvirtual.org/research/publications/student-centered-learning-in- principle-and-in-practice/

18. *Hafeez, M. (2022). Effects of interactive games in comparison to traditional learning to provide an effective learning environment – A comparative review. Contemporary Educational Researches Journal, 12(2), 89–105. https://doi.org/10.18844/cerj.v12i2.6374*
19. *Joseph, V. (2019). Role of the Educator in the English Language Learning Process. Research Journal of English Language and Literature 7(2): 45 – 57.*
20. *Junaid, R., & Santaria, R. (2022). Common Mistakes In The Students' Academic Writing: Rethinking For Curriculum Development. Retrieved on October 3, 2022 on https://bit.ly/3oGyo8k.*
21. *Lee, S. (2014). Korean EFL university students' English vocabulary size and their writing proficiency. Journal of the Korea English Education Society, 13(2), 21-43.*
22. *Lytovchenko, I., Lavrysh, Y., Lukianenko, V., & Ogienko, O. (2020). How to teach grammar to adult ESP learners at technical university more communicatively: task-based approach. Multidisciplinary Journal for Education, Social and Technological Sciences, 7(1), 54-71. https://doi.org/10.4995/muse.2020.12419*
23. *Lieven, E. (2021). Constructivist Approaches to First Language Acquisition. Journal of Child Language, 48(4), 728-753.*
24. *Munawarah, S., Hayati, S., Fitriyani, W., Rahman, E., Mieyrandha, M., Maharani, L. M., Tegar, J., & Fauzi, I. (2024). Games in Enhancing Productive Skills for EFL students. EBONY Journal of English Language Teaching, Linguistics and Literature, 4(2), 42–51.*
25. *Moquerio, M. (2025). Interactive Sentence-Building Games As An Effective Tool For Enhancing Sentence Construction Skills Among Grade 7 Learners. May 2025 European Journal of Literature Language and Linguistics Studies (1) DOI: 10.46827/ejlll.v9i1.602*
26. *Nur Fitria, T. (2020). SPELLING ERROR ANALYSIS IN STUDENTS' WRITING ENGLISH COMPOSITION. Getsempena English Education Journal. https://doi.org/10.46244/geej.v7i2.988*
27. *Pulk, S. K. (2022). English teachers´ view on grammar teaching in Norway Universiteteti Tromsø - The Arctic University of Norway]. Tromsø.*
28. *Ramasamy at Aziz (2018). Common Errors in Grammar and Mechanics in Academic Writing by Senior High School Student. E-ISSN: 2582-2160. IJFMR23069135*
29. *Rosyidah, M. T. L., & Giyoto, H. (2018). Teaching vocabulary for the second-grade students of SMP AIslam Kartasura in the academic year2017/2018.Retrievedfromhttp://eprints.iain-surakarta.ac.id/id/eprint/1268*
    Enhancing Students' Writing Performance by Developing their Posing Questions Abilities. Research Journal of English Language and Literature. 7(2): 10 – 17.
30. *Rozimela, Y. et al. (2019). The Relationship Between Students' Perceived Needs, Their Learning Preferences and Their Ability of Writing Academic Text. International Journal on Studies in English Language and Literature. 7(2); 1 – 9.*
    Straus, J. (2018). Capitalization rules. Grammar Book. Retrieved from https://www .grammarbook.com/punctuation/capital.asp
31. *Suliman, F., Ben-Ahmeida, M., & Mahalla, S. (2019). Importance of Punctuation Marks for writing and reading comprehension skills. Retrieved on October 5, 2022 from https://bit.ly/40z7mww.*
32. *Sermsook, K., Liamnimitr, J., & Chantarangkul, V. (2020). Promoting Thai EFL Learners' Ability to Self-Correct Errors in Written English Sentences through Games. Retrieved from https://eric.ed.gov/?id=EJ1255483*
33. *Oguan, R. & Del Valle, J. (2022). Grammatical and Mechanical Error Analysis as Tool in Writing Improvement Program for Student Journalists. https://doi.org/10.53378/352950*
34. *Subasman, I. (2020). Academic Writing: Buku Pendamping Pelatihan 20 Hari Menulis 5 Paragraf Ilmiah. Jawa*
35. *Voxco. (2021). Understanding Pre-Experimental Research Design. Retrieved from https://www.voxco.com/blog/pre-experimental-research-design/.*